

# MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA RESIDENSIYAL NA TENANT O UMUUPA SA SAN FRANCISCO

## BUOD

*Binago noong Nobyembre 25, 2020*

Kung kaya ninyong magbayad ng upa, dapat ninyong gawin ito. Gayon pa man, kung hindi ninyo kayang magbayad at sinusubukan kayong paalisin sa tirahan ng landlord o nagpapaupa, posibleng maprotektahan kayo mula sa pagpapaalis ng mga proteksiyon nakalarawan sa ibaba.

Mahirap maintindihan ang mga aksiyong ito ng gobyerno: kung kailangan ninyo ng payo ukol sa batas tungkol sa espesipikong sitwasyon, kailangan ninyong kumontak ng abugado, o kontakin ang Eviction Defense Collaborative sa 415-659-9184 o mag-email sa [legal@evictiondefense.org](mailto:legal@evictiondefense.org). Puwede rin ninyong kontakin ang [Rent Board \(Lupon para sa Pagpapaupa\)](#) para sa iba pang impormasyon.

Mangyaring tandaan, may utang pa rin kayong upa – hindi pa ito napapatawad o nakakansela. Kailangan ninyong tugunan ang anumang abiso ukol sa hindi pagbabayad (nonpayment notice) mula sa landlord sa loob ng 15 araw, at kailangan ninyong bayaran ang hindi bababa sa 25% ng upa na dapat mabayaran kada buwan sa pagitan ng Setyembre 1 at Enero 31, 2021. Puwede rin kayong magbayad ng buong halaga o lump sum bago sumapit ang Enero 31.

## MGA PAGPAPAALIS NANG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD NG UPA

### **AB-3088 (Batas ng Estado ng California)**

*Upa na hindi nabayaran sa pagitan ng Marso 1 – Agosto 31, 2020:*

Kung hindi kayo nakpagbayad ng upa sa pagitan ng Marso 1 – Agosto 31 nang dahil sa COVID-19, posibleng makatulong ang batas ng Estado ng California AB-3088.

Bago kayo mapaalis ng landlord, kailangan muna niyang:

- Bigyan kayo ng abiso ng inyong mga karapatan sa ilalim ng Kodigo ng mga Patakarang Sibil (Code of Civil Procedure) Seksiyon 1179.04(a) bago sumapit ang Setyembre 30, 2020;
- Magkaloob ng 15-araw na abiso ukol sa hindi pagbabayad, kung saan kasama ang halaga ng utang na upa at iba pang impormasyon;
- Magkaloob ng [form para sa pagbibigay ng pahayag \(form declaration\)](#) na dapat ninyong isauli sa landlord sa loob ng 15-araw na takdang panahon; at
- Kung kayo ay “umuupa na mataas ang kita o high-income tenant” (kung бага, mas mataas ang kita ng inyong kabahayan sa 130% ng area median income o panggitnang kita ng lugar ayon sa pagkakatathala ng Departamento para sa Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod o Department of Housing and Community Development para sa San Francisco), posibleng magpadala ang landlord ng karagdagang abiso na nagtatakdang magkaloob kayo ng karagdagang patunay ng kita.

*Hindi kayo puwedeng mapaalis nang dahil sa hindi pagbabayad ng upa kung isasauli ninyo ang deklarasyon (at ang patunay ng kita, kung naaangkop) at hindi makapagbayad para sa Marso – Agosto nang dahil sa COVID-19. Gawin ang lahat ng pagsusumikap upang maisumite ang deklarasyon sa takdang oras sa landlord. Kung talaga lamang na nakalimutan ninyong isumite ang deklarasyon, posibleng maisumite ninyo ito sa hukuman... pero huwag ipagpalagay na tatanggapin ng hukuman ang inyong nahuling isinumite.*

Tandaan na bagamat mapipigilan ng Ab-3088 ang pagpapaalis sa inyo nang dahil sa hindi pagbabayad ng upa para sa Marso – Agosto, may utang pa rin kayong bayad sa upa. Simula Marso 1, 2021, puwede nang ihabla ng mga landlord ang mga tenant sa small claims court (hukuman para sa mga kasong sibil ukol sa maliliit na halaga) upang humingi ng hatol mula sa hukuman na nagkukumpirmang may utang pa ring bayad sa upa ang tenant, at pagkatapos nito, puwede nilang subukang gamitin ang hatol sa pagkolekta ng bayad.

## **MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA RESIDENSIYAL NA TENANT O UMUUPA SA SAN FRANCISCO**

*Upa na hindi nabayaran sa pagitan ng Setyembre 1, 2020 – Enero 31, 2021:*

Ipinatutupad ang gayon ding mga patakaran na gaya ng nasa itaas, maliban na lamang na kailangang bayaran din ng tenant ang landlord ng hindi bababa sa 25% ng hindi pa nababayaranang upa mula sa takdang panahon na ito bago sumapit ang Enero 31, 2021. Puwedeng bayaran ng tenant ang 25% nang paunti-unti o sa isang bagsak o lump sum. Kapag hindi nabayaran ang 25% sa takdang panahon, posibleng mapaalis ang tenant simula Pebrero 1, 2021.

Makikita ang teksto ng AB-3088 [dito](#). Makukuha ang katumbas na mga abiso [dito](#) sa iba't ibang wika. Makukuha ang katumbas na deklarasyon [dito](#) sa iba't ibang wika.

### **Kautusan ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa mga Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)**

*Bayad sa upa na hindi nabayaran bago ang Marso 1, 2020:*

Kapag sinubukan ng landlord na paalisin kayo bago ang Pebrero 1, 2021, posible ninyong maasahan ang Pederal na kautusan ng CDC ukol sa mga pagpapalis. Binibigyan ng mga restriksiyon ng Kautusan ng CDC ang mga pagpapaalis sa “nasasakop na mga tenant” na natutugunan ang mga kinakailangan ukol sa kita at ibang kinakailangan upang maging kuwalipikado. At kaiba sa mga itinatakda ng pang-estado at lokal na gobyerno, maipatutupad ang Kautusan ng CDC, sa mga pagpapaalis nang dahil sa hindi nabayaranang upa na magmula sa takdang panahon na *bago* ang Marso 1, 2020.

Kailangang magsumite ang mga tenant ng [deklarasyon](#) sa kanilang landlord upang ipakita na kuwalipikado sila para sa proteksiyon sa ilalim ng Kautusan ng CDC.

Makukuha ang Kautusan ng CDC [dito](#). Makukuha ang katumbas na deklarasyon [dito](#). Makukuha ang karagdagang impormasyon sa [website](#) ng Pambansang Proyekto ukol sa Batas sa Pabahay (National Housing Law Project).

### **Karagdagang mga Proteksiyon sa Ilalim ng Ordinansa Blg. 93-20**

Kung hindi ninyo kayang magbayad ng upa, kailangan ninyong magtago ng dokumentasyon ng kawalan ninyo ng kakayahang magbayad at sundin ang mga patakarang nakabalangkas sa unang seksiyon, ang AB-3088. Posibleng mabigyan kayo ng pagsunod sa mga patakarang ito ng karagdagang timbang sakaling matagpuan ang sarili na nasa hukuman para sa pabahay (housing court) at kailangan ninyong depensahan ang sarili mula sa paghahabla ukol sa pagpapaalis.

Kung hindi ninyo nasunod ang mga patakaran ng AB-3088, posibleng makahanap kayo ng tulong sa [Ordinansa ng Lungsod Blg. 93-20](#). Isinasaad ng ordinansa na hindi puwedeng mapaalis ang mga tenant para sa hindi pagbabayad ng upa na dapat nabayaran sa pagitan ng Marso 16 – September 30, kung hindi nakapagbayad ang tenant nang dahil sa COVID-19.

Kung hindi kayo kuwalipikado para sa mga proteksiyon sa ilalim ng Kautusan ng CDC o ng AB-3088, puwede pa rin ninyong maasahan ang Ordinansa Blg. 93-20. Karagdagang depensa ito sa pagpapaalis nang dahil sa hindi pagbabayad at hindi nito itinatakda sa tenant na naapektuhan ng COVID-19 na magkaloob ng abiso at dokumentasyon sa landlord, o na magbayad ng 25% ng upa para sa Setyembre bago sumapit ang Enero 31, 2021, upang mapigilan ang pagpapaalis.

## MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA RESIDENSIYAL NA TENANT O UMUUPA SA SAN FRANCISCO

### MGA PAGPAPAALIS NA *HINDI* DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD NG UPA

#### **Pansamantalang Pagpapatigil sa mga Pagpapaalis na Walang Kinalaman sa Hindi Pagbabayad ng Upa**

Sa San Francisco, nasasakop ang mga pagpapaalis sa mga patakaran ukol sa “makatwirang dahilan” na nasa [Ordinansa ukol sa Pagpapaupa \(Rent Ordinance\)](#). Hinigpitan pa ni Mayor Breed ang mga patakaran ukol sa makatwirang dahilan o just cause; walang pagpapaalis na maaaring magpatuloy hanggang sa matapos ang Nobyembre 30, 2020, maliban na lamang kung kinakailangan ito nang dahil sa karahasan, banta ng karahasan, mga problema sa kalusugan/kaligtasan o nang dahil sa Batas Ellis. Naurong na ang petsang ito upang maging hanggan Abril 1, 2021 sa ilalim ng [Ordinansa Blg. 216-20](#) ng Lungsod.

Makukuha ang Kautusan ng Mayor [dito](#); at makukuha naman ang kautusan na nagpapalawak sa naunang kautusan [dito](#).

### PAGTATAAS NG BAYAD SA UPA

#### **Pansamantalang Pagpapatigil sa Pagtataas ng Bayad sa Upa sa mga Unit na Pinamamahalaan ang Halaga ng Upa (Rent-Controlled): Ordinansa 68-20**

Sa ilalim ng [Ordinansa ng Lungsod Blg. 68-20](#), ipinagbabawal ang pagtataas ng upa sa mga unit na pinamamahalaan ang pagbabayad ng upa (rent-controlled) hanggang sa Oktubre 21, 2020. Makukuha ang impormasyon tungkol dito sa [website](#) ng Lupon para sa Pagpapaupa (Rent Board).

#### **Pansamantalang Moratorium o Pagkakatigil sa Pagtataas ng Upa para sa mga Unit na Kontrolado/ Pinamamahalaan ng Lungsod: Kautusan ng Mayor**

May ilang unit na hindi kasama sa pagkontrol ng upa ng Lungsod dahil kontrolado o pinamamahalaan ang upa nito ng ahensiya ng lungsod na bukod pa sa Rent Board (halimbawa, mga unit na hawak ng pribadong sektor at pinamamahalaan ng Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad o Mayor’s Office of Housing and Community Development o ng Departamento para sa Kawalan ng Tahanan at Pabahay na may Kasamang Suporta sa Dating Walang Tahanan o Department of Homelessness and Supportive Housing). Sa ilalim ng Kautusan ng Mayor, walang may-ari ng gayong unit ang puwedeng magtaas ng bayad sa upa ng naririyang nang tenant, sa ilalim man ng naririyang na ring kasunduan sa upa o lease (kasama na ng modipikasyon ng kasunduan sa upa) o sa pamamagitan ng pagpapanibago o renewal ng wala nang bisang kasunduan, hanggang sa Oktubre 31, 2020. Makukuha ang Kautusan ng Mayor [dito](#); may makukuhang ekstensiyon [dito](#).

## MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA RESIDENSIYAL NA TENANT O UMUUPA SA SAN FRANCISCO

<b><u>MGA PAGPAPAALIS NANG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD NG UPA</u></b>			
<b>HINDI KO KAYANG BAYARAN ANG UPA NA DAPAT NANG NABAYARAN:</b>	<b>BUOD NG MAHAHALAGANG PROTEKSIYON</b>	<b>ANO ANG KAILANGAN NINYONG GAWIN PARA MAKUHA ANG MGA PROTEKSIYONG ITO?</b>	<b>PUWEDE BANG MANINGIL ANG LANDLORD O NAGPAPAUPA NG SINGIL PARA SA NAHULING PAGBABAYAD O LATE FEES?</b>
Bago ang Marso 1, 2020	Ipinagbabawal ng <a href="#">Kautusan ng CDC</a> ang pagpapaalis nang dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa <a href="#">Pebrero 1, 2021</a> .	Kailangang magkaloob ang lahat ng nasa sapat na edad na sa kabahayan ng pirmadong <a href="#">deklarasyon</a> <sup>1</sup> (hindi kailangang kaugnay sa COVID-19 ang epekto sa pinansiya); may mga restriksiyon sa kita <sup>2</sup>	Oo, kung kasunduan ninyo ito sa pag-upa o lease.
Marso 1 – Agosto 31	Ipinagbabawal ng <a href="#">AB-3088</a> ang mga pagpapaalis nang dahil sa hindi pagbabayad ng upa para sa mga buwang ito. Hindi puwedeng magpaalis ang landlord, pero puwede pa rin niyang ihabla ang tenant sa small claims court simula Marso 1, 2021, para sa anumang singil sa upa na hindi pa nababayaran.	Itinatakda ng AB-3088 na magkaloob tenant sa landlord ng pirmadong <a href="#">deklarasyon</a> bilang tugon sa 15-araw na abiso <sup>3</sup> ; nga espesyal na patakaran para sa mga tenant na matataas ang kita. <sup>4</sup>  Hindi nagtatakda ang Ordinansa Blg. 93-20 ng 15-araw na pag-	Ito ay kung nasa kontrata ninyo ito sa pag-upa o lease, at nagbunga nang dahil sa hindi nabayarang upa mula Marso 15 o mas maaga pa.

<sup>1</sup> May makukuhang karagdagang imporasyon at mga mapagkukunan ng tulong at kaalaman sa iba't ibang wika sa [website](#) ng National Housing Law Project.

<sup>2</sup> Hindi itinatakda sa mga tenant na umaasang kikitang hindi lalampas sa \$99,000 na taunang kita para sa Taong Nakabatay sa Kalendaryo na 2020 (o hindi lalampas sa \$198,000 kung nagfa-file ng pinagsama o joint na tax return o dokumento ng pagbabayad ng buwis) noong 2019 sa (Serbisyo ukol sa Pagbubuwis ng Estados Unidos (U.S. Internal Revenue Service), o nakatanggap ng Bayad kaugnay ng Epekto sa Ekonomiya o Economic Impact Payment (tseke para sa pagpapasigla ng ekonomiya o stimulus check) alinsunod sa Seksiyon 2201 ng Batas CARES.

<sup>3</sup> Kapag hindi nagkaloob sa takdang panahon ng mga deklarasyon sa landlord, posibleng masandigan ng mga tenant ang Ordinansa Blg. 93-20 para sa takdang panahon na Marso 16 – Setyembre 30, 2020.

<sup>4</sup> Awtorisado ang landlord na magtakda sa tenant na mataas ang kita na magsumite, bilang karagdagang kinakailangan, ng dokumentasyon nagbibigay ng suporta sa pahayag na nagkaranasa ang tenant ng pinansiyal na hirap kaugnay ng COVID-19, kung may patunay ang landlord ng kita na nagsasaad na ang tenant ay mataas ang kitang tenant bago pa ang pagbibigay ng abiso. Binibigyang-depinisyon ang tenant na mataas ang kita (high-income) bilang tenant na may taunang kita ang kabayahan na 130% ng panggitnang kita (median income) ayon sa pagkakatathala ng Department of Housing and Community Development sa Opisyal na mga Limitasyon sa Kita Ayon sa Estado (Official State Income Limits) para sa 2020, para sa San Francisco (halimbawa, \$130,250 para sa kabahayan na may 1 tao). Binibigyang-depinisyon ang kabahayan bilang lahat ng naaayon sa batas na okupante ng pinauupahang unit, kasama na ang mga bata.

## MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA RESIDENSIYAL NA TENANT O UMUUPA SA SAN FRANCISCO

	<p>Ipinagbabawal din ng <a href="#">Ordinansa Blg. 93-20</a> ang mga pagpapaalis nang dahil sa hindi pagbabayad ng upa, pero ipinatutupad lamang ito sa upa na dapat nabayaran noong Marso 16 – Setyembre 30. Hindi ito ipinatutupad sa upa na dapat nabayaran mula Marso 1 – 15.</p>	<p>aabiso o pagiging kuwalipikado, pero kailangang magpakita ang tenant ng dokumentasyon ng nararansang hirap (hardship) sa hukuman, kapag inihabla.</p>	<p>Hindi puwedeng sumingil nang dahil sa huling pagbabayad (late fees) sa hindi nabayaranang upa mula Marso 16 – Setyembre 30, sa ilalim ng Ordinansa Blg. 93-20.</p>
--	---	--	---

### MGA PAGPAPAALIS NANG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD NG UPA (pagpapatuloy)

<b>HINDI KO KAYANG BAYARAN ANG UPA NA DAPAT NANG NABAYARAN:</b>	<b>BUOD NG MAHAHALAGANG PROTEKSIYON</b>	<b>ANO ANG KAILANGAN NINYONG GAWIN PARA MAKUHA ANG MGA PROTEKSIYONG ITO?</b>	<b>PUWEDE BANG MANINGIL ANG LANDLORD O NAGPAPAUPA NG SINGIL PARA SA NAHULING PAGBABAYAD?</b>
<p>Setyembre 1, 2020 – Enero 31, 2021</p>	<p>Ipinagbabawal din ng <a href="#">Ordinansa Blg. 93-20</a> ang mga pagpapaalis nang dahil sa hindi pagbabayad ng upa na dapat nabayaran noong Setyembre 2020. Hindi ito ipinatutupad sa hindi nabayaranang upa mula Oktubre 1 o lampas pa rito.</p> <p>Para sa upang dapat bayaran sa pagitan ng Setyembre at Enero 2021, ipinagbabawal ng <a href="#">AB-3088</a> ang pagpapaalis para sa hindi pagbabayad ng upa hanggang Pebrero 1, 2021, at pinahihintulutan ang landlord na kasuhan ang tenant sa small claims court simula Marso 1, 2021 para sa anumang upa na hindi pa nababayaran.</p>	<p>Ang itinatakda lamang ng Ordinansa Blg. 93-20 ay ang pagpapakita ng tenant ng dokumentasyon ng dinaranas na hirap sa hukuman, kapag inihabla siya.</p> <p>Itinatakda ng AB-3088 na magbigay ang tenant sa landlord ng pirmadong (mga <a href="#">deklarasyon</a>) bilang pagtugon sa 15-araw na (mga) abiso, <b>AT</b> bago sumapit ang Enero 31, 2021 ay magbayad ng hindi bababa sa 25% ng hindi nabayaranang upa mula sa mga upa ng Setyembre – Enero (puwedeng isang bagsak o lump-sum); may mga espesyal na patakaran para sa mga tenant na mataas ang kita.</p>	<p>Oo, kung kasunduan ninyo ito sa pag-upa o lease. (Hindi puwede ang pagsingil nang dahil sa nahuling pagbabayad ng upa para sa hindi nabayaranang upa mula Setyembre sa ilalim ng Ordinansa Blg. 93-20.</p>
<p>Sa Pebrero 1, 2021 at pagkatapos</p>	<p>Wala</p>	<p>N/A o Hindi Naaangkop</p>	<p>Oo kung nasa kasunduan ninyo ito sa pag-upa o lease.</p>

## MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA RESIDENSIYAL NA TENANT O UMUUPA SA SAN FRANCISCO

<b><u>MGA PAGPAPAALIS NA HINDI DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD NG UPA</u></b>		
<b>TANONG</b>	<b>PROTEKSIYON</b>	<b>SAGOT</b>
Kaya kong bayaran ang aking upa. Kailan ang pinakamaagang panahon na puwede akong mapaalis para sa mga dahilan na bukod pa sa hindi pagbabayad?	<a href="#">Ordinansa Blg. 216-20</a>	Hanggang Marso 31, 2021, puwede lamang magpatuloy ang pagpaaalis na batay sa mga dahilang bukod pa sa hindi pagbabayad kung kinakailangan ito nang dahil sa karahasan, banta ng karahasan, o mga problema sa kalusugan/kaligtasan. Gayon pa man, hindi ipinatutupad ang limitasyong ito sa mga pagpaaalis na nakabatay sa Batas Ellis, at nakatakda na itong mawalan ng bisa sa Marso 31. Simula Abril 1, puwede nang magpatuloy ang mga pagpaaalis na nakabatay sa hindi nabayaranang upa, pero nasasakop ito ng Ordinansa sa Pagpapaupa ng Lungsod.
Hindi ko kayang bayaran ang aking upa. Puwede ba akong mapaalis para sa anumang dahilan bago ang Pebrero 1, 2021?	<a href="#">Kautusan ng CDC</a>	Hindi, pero may mga exception o hindi kasama. <sup>5</sup> Kailangang magkaloob ang lahat ng nasa sapat na edad na sa kabahayan ng pirmadong <a href="#">deklarasyon</a> (hindi kailangang kaugnay sa COVID-19 ang epekto sa pinansiya); may mga restriksiyon sa kita.

<sup>5</sup> Kasama sa mga exception o hindi kasama ang: pakikilahok sa kriminal na aktibidad habang nasa lugar, pagbabanta sa kalusugan o kaligtasan ng iba pang residente; paninira o pagbabanta ng agad at malalking panganib na mapinsala ang ari-aria; paglabag sa anumang kodigo ukol sa mga gusali (building code), ordinansa ukol sa kalusugan, o katulad na regulasyong may kaugnayan sa kalusugan at kaligtasan; o paglabag sa anumang obligasyon na nasa kontrata, bulod na sa nasa takdang panahon na pagbabayad ng upa o katulad na bayad na may kaugnayan sa pabahay (kasama na ang hindi pagbabayad o huling pagbabayad ng mga singil, multa, o interes). May makukuhang karagdagang imporasyon at mga mapagkukunan ng tulong at kaalaman sa iba't ibang wika sa [website](#) ng National Housing Law Project.

## MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA RESIDENSIYAL NA TENANT O UMUUPA SA SAN FRANCISCO

<u>PAGTATAAS NG BAYAD SA UPA</u>		
TANONG	PROTEKSIYON	SAGOT
Nakatira ako sa abot-kayang pabahay o permanenteng supportive housing (pabahay na may kasamang mga serbisyo para sa dating walang tahanan o may kapansanan) na itinataguyod ng Lungsod. Kailan ang pinakamaagang panahon na maaaring taasan ang aking upa?	<a href="#">Kautusan ng Mayor</a>	Sa Nobyembre 1, maliban na lamang kung pahahabain pa ang bisa ng Kautusan ng Mayor.
Nakatira ako sa unit na kontrolado ang upa o rent-controlled. Kailan ang pinakamaagang panahon na maaaring taasan ang aking upa?	<a href="#">Ordinansa Blg. 68-20</a>	Oktubre 21, 2020

### Legal na tulong para sa mga tenant

- [Eviction Defense Collaborative](#)  
Tumawag sa (415) 659-9184 o mag-email sa [legal@evictiondefense.org](mailto:legal@evictiondefense.org)

### Mediation o Pamamagitan (puwedeng makuha ng mga tenant o landlord)

- Bar Association of San Francisco [Serbisyo para sa Pamamagitan sa mga Alitan \(Conflict Intervention Service\)](#)  
Tumawag sa (415) 782-8940 o mag-email sa [cis@sfbar.org](mailto:cis@sfbar.org)

### Pagpapayo sa San Francisco Rent Board (puwedeng makuha ng mga tenant o landlord)

- Tumawag sa (415) 252-4631, Lunes-Biyernes, 9 am – 12 pm at 1 pm – 4 pm

### Pagpapayo sa tenant

- Bill Sorro Housing Program ([BiSHoP](#))  
Tumawag sa (415) 513-5177 o mag-email sa [info@bishopsf.org](mailto:info@bishopsf.org)  
Mga Wika: Ingles, Pranses, Espanyol, Tagalog
- [Causa Justa::Just Cause](#)  
Tumawag sa (415) 487-9203 o mag-email sa [info@cjjc.org](mailto:info@cjjc.org)  
Mga Wika: Espanyol, Ingles
- [Chinatown Community Development Center](#)  
Tumawag sa (415) 984-2728  
Mga Wika: Cantonese, Mandarin, Ingles
- [Housing Rights Committee of San Francisco \(Komite para sa mga Karapatan sa Pabahay ng San Francisco\)](#)

## MGA PROTEKSIYON PARA SA MGA RESIDENSIYAL NA TENANT O UMUUPA SA SAN FRANCISCO

Tumawag sa Opisina sa Mission (415) 703-8644 o sa Opisina sa Richmond sa (415) 947-9085  
Mga Wika: Opisina sa Mission District: Ingles, Cantonese, Mandarin, Espanyol; Richmond: Cantonese, Mandarin, Ingles, Ruso

- [San Francisco Tenants Union](#)  
Tumawag sa (415) 282-6622 o mag-email sa [info@sftu.org](mailto:info@sftu.org)
- [South of Market Community Action Network](#)  
Tumawag sa (760) 913-8913 o mag-email sa [tenantcounseling@somcan.org](mailto:tenantcounseling@somcan.org)  
Mga Wika: Ingles, Espanyol, Tagalog
- [Tenderloin Housing Clinic](#)  
Tumawag sa (415) 885-3286 or mag-email sa [allyn@thclinic.org](mailto:allyn@thclinic.org)  
Mga Wika: Ingles, Espanyol

### Pagpapayo para sa mga tenant ng residensiyal na hotel (SRO)

- [Central City SRO Collaborative](#)  
Tumawag sa (415) 775-7110
- [La Voz Latina](#)  
Call (415) 983-3970
- Chinatown SRO Collaborative o SRO Families United Collaborative  
Tumawag sa (415) 984-2730
- Mission SRO Collaborative  
Tumawag sa (415) 282-6209 ext. 150

### Pangkalahatang impormasyon para sa mga tenant

- Bisitahin ang [website](#) ng San Francisco Anti-Displacement Coalition

### Mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon ng mga landlord

- Bar Association of San Francisco [Serbisyo para sa Pamamagitan sa mga Alitan \(Conflict Intervention Service\)](#)  
Tumawag sa (415) 782-8940 o mag-email sa [cis@sfbar.org](mailto:cis@sfbar.org)
- [San Francisco Apartment Association](#)  
Tumawag sa (415) 255-2288 o bisitahin ang kanilang [page para sa pagkontak](#) at nang makipag-ugnay sa pamamagitan ng email